# *Pagninilay sa Akalt ng Ruth Yugto 14*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimulan mula as aklat ng Ruth.

***"10 Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng kaniyang dako: kayo'y mga saksi sa araw na ito." (Ruth 4:10)***

Sinabi ni Booz ang tungkol kay Ruth, ***"Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa."*** Ang Hebrew salita para sas **'binili'** ay **'Kaw-naw'**, na nangangahuluang makuha, matamo, bilhin o ariin. Ang kahulugan nito ay maaaring isagawa sa mga sumusunod: Na ang asawang lalaki ay dapat magbayad para sa kanyang asawa. Maaaring mangahulugang ito na kailangan niyang magbayad ng isang dote para makuha siya, o maaaring mangahulugang ito na dapat siyang magtrabaho upang maging karapat-dapat na makatanggap ng asawa.

Patungkol sa paghahanda para sa maka-Dios na pag-aasawa, kailangang ihanda ng lalaki ang kanyang sarili para sa makaDios na pag-aasawa, at ang mabuting asawa ay isang gantimpala mula sa Panginoon. Ating basahin ito sa Banal na Kasulatan: ***"Sinomang lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng mabuting bagay, at nagtatamo ng lingap ng Panginoon." (Kawikaan 18:22)*** Ang lingap ng Dios ay maibibigay sa lalaki na natatakot sa Kanya at tumalima sa Kanyang salita at inihanda ang kanyang sarili bilang itinalaga ng Dios na magkaroon ng isang makaDios na pamilya. ***"Bahay at mga kayamanan ay minamana sa mga magulang: nguni't ang mabait na asawa ay galing sa Panginoon." (Kawikaan 19:14 KJV)*** * Hindi ibibigay ng Dios ang asawang babae hangga't ang lalaki ay maayos na naghanda at handa magbayad siya ng halaga niya at upang gawin ang nararapat na gawin para sa kanya. * Ayon sa Salita ng Dios ang babae ang katawan ng kanyang asawa, at ang asawang lalaki ay ang ulo. Kaya't kapag ang lalaki ay binili ang kanyang asawa, at pinagtrabahuhan sa Panginoon siya may magiging kanyang katawan at siya ang magiging kanyang ulo.

Sinabi ni Pablo ang tungkol sa pag-aasawa, ***"Kaya't ibig ko sana, na ang lahat ng tao ay maging gaya ko. Nguni't ang bawa't tao'y mayroong kanikaniyang kaloob na mula sa Dios, ang isa'y ayon sa paraang ito, at ang iba'y ayon sa paraan yaon." (1 Corinto 7:7 KJV)*** * Isinalarawan ni Pablo ang pag-aasawa gaya ng isang kaloob mula sa Dios at iyon ay totoo; ang pag-aasawa ay isang kaloob at gantimpala mula sa Dios sa mga gumagawa ng maayos sa kanilang paghahanda para sa makaDios na pag-aasawa. * Ang pag-aasawa sa Banal na Kasulatan ay isang gantimpala para sa mga naghahanda ng kanilang sarili para nararapat nilang gawin. Ang pag-aasawa ay isang kaloob na pinagtrabahuhan at ang lalaki ay dapat maging handa at gawin ang kanyang bahagi patungo sa Dios, patungo sa Kanyang Salita, at patungo sa pamilya na ibibigay ng Dios sa kanya.
Ang pag-aasawa ay hindi dapat pasimulan batay sa magandang kahilingan o mga damdamin. Simple hindi mo maaaring madaliin at kumain sa restawrant ng hindi nagbabayad para sa iyong pagkain. Hindi ka maaring sumakay ng eroplano ng hindi nagbabayad nang maaga para sa iyong tiket. Hindi ka maaring manatili sa isang hotel nang hindi binabayaran ang iyong silid.

Dapat mong pagtrabahuhan ang iyong pag-aasawa! Ang mga sumusunod ay ang mabubuting halimbawa upang maunawaan ang konseptong ito ng pag-aasawa na isinalarawan ng Banal na Kasulatan:

***I. <u>Adam:</u> "19 At nilalang ng Panginoong Dios sa lupa ang lahat ng hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at pinagdadala sa lalake upang maalaman kung anong itatawag niya sa mga iyon: at ang bawa't itinawag ng lalake sa bawa't kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon. 20 At pinanganlan ng lalake ang lahat ng mga hayop, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawa't ganid sa parang; datapuwa't sa lalake ay walang nasumpungang maging katulong niya." (Genesis 2:19-20 KJV)*** Bago ginawa ng Panginoon at dinala ang babae sa lalaki, hiniling kay Adan na pangalanan ang lahat ng mga hayop at ang ibon. Ito ay hindi madaling gawain. Napakaraming mga uri at klase ng mga hayop at mga ibon; malamang ito ay inabot ng mga buwan o taon para sa lalaki na gawin iyon. Tiyak, kinakailangan niyang isaayos at nasa pamamaraan sa pagbibigay ng mga pangalan at sa pagtatala. Iyon ay kung paanong binili ni Adan ang kanyang asawa. At nang siya ay matapos at natamo iyon, ginawa ng Panginoon ang babae at dinala siya sa lalaki. Kaya't mayroong panahon para sa paghahanda at pagsubok para sa lalaki at kinakailangan niyang matamo ang tiyak na mga bagay bago siya gagantimpalaan ng kanyang kaloob, ng isang asawa.

-

***II. <u>Jacob</u>: "15 At sinabi ni Laban kay Jacob, Sapagka't ikaw ay aking kapatid ay nararapat ka bang maglingkod sa akin ng walang bayad? sabihin mo sa akin kung ano ang***

***magiging kaupahan mo. 16 At may dalawang anak na babae si Laban: ang pangalan ng panganay ay Lea, at ang pangalan ng bunso ay Raquel.17 At ang mga mata ni Lea ay mapupungay; datapuwa't si Raquel ay maganda at kahalihalina. 18 At sininta ni Jacob si Raquel; at kaniyang sinabi, Paglilingkuran kitang pitong taon dahil kay Raquel na iyong anak na bunso. 19 At sinabi ni Laban, Magaling ang ibigay ko siya sa iyo, kay sa ibigay ko sa iba: matira ka sa akin. 20 At naglingkod si Jacob dahil kay Raquel, na pitong taon; at sa kaniya'y naging parang ilang araw, dahil sa pagibig na taglay niya sa kaniya. 21 At sinabi ni Jacob kay Laban, Ibigay mo sa akin ang aking asawa, sapagka't naganap na ang aking mga araw upang ako'y sumiping sa kaniya." (Genesis 29:15-21 KJV)*** Si Jacob ay naglingkod ng pitong taon para sa kanyang asawa, kay Lea. Hindi siya ginantimpalaan ng isang asawa hangga't natapos niya ang pitong taong paglilingkod.

***III. <u>Jose</u>: "At pinanganlan ni Faraon si Jose na Zaphnath-paanea, at ibinigay na asawa sa kaniya si Asenath, na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. At lumabas si Jose, sa lupain ng Egipto." (Genesis 41:45 KJV)*** Si Jose ay ginantimpalaan ng isang asawa pagkatapos niyang ipakita ang kanyang kabutihan at karunungan sa pagbibigay ng mabuting plano upang mapanatili ang pagkain para iligtas ang bansa mula sa paparating na pitong taon na taggutom. Si Jose ay naglingkod sa Faraon at saa bansang Egipto nang may karunungan na ibinigay ng Dios sa kanya.

***IV. <u>Moises</u> : "16 Ang saserdote nga sa Madian ay may pitong anak na babae: at sila'y naparoon at umigib ng tubig, at kanilang pinuno ang mga inuman upang painumin ang kawan ng kanilang ama. 17 At ang mga pastor ay dumating, at sila'y pinalayas: datapuwa't si Moises ay tumayo, at sila'y tinulungan, at pinainom ang kanilang kawan. 18 At nang sila'y dumating kay Raquel na kanilang ama, ay sinabi niya, Bakit kayo tumindig na madali ngayon?19 At kanilang sinabi, Ipinagsanggalang kami ng isang Egipcio sa kamay ng mga pastor, at saka iniigib pa niya kami ng tubig, at pinainom ang kawan. 20 At kaniyang sinabi sa mga anak niya, At saan naroon siya? bakit ninyo iniwan ang lalaking yaon? tawagin ninyo siya upang makakain ng tinapay. 21 At si Moises ay natuwa na makisuno sa lalaking yaon: at kaniyang pinapag-asawa kay Moises si Zephora na kaniyang anak." (Exodu 2:16-21 KJV)*** Si Moises ay nasisiyahang manatili sa seserdote ng Midian at magtrabaho bilang pastol para sa kanya, at si Moises ay ginantimpalaan ng isang asawa nang ibigay ng lalaki si Moises, si Zephora na kanyang anak na babae upang maging asawa niya.

***V. <u>Othoniel</u>: "12 At sinabi ni Caleb, Ang sumakit sa Chiriath-sepher at sumakop niyaon, ay doon ko papagaasawahin si Axa na aking anak. 13 At si Othoniel na anak ni Cenez, kapatid na bata ni Caleb, ay siyang sumakop: at pinapag-asawa nito sa kaniya si Axa na kaniyang anak." (Mga Hukom 1:12-13 KJV)*** Si Othoniel ay ginantimpalaan ng isang asawa nang siya ay tumugon sa tawag ng Dios at sinakop ang Chiriath-sepher at kunin ito bilang isang mana para sa angkan ng Juda. Maglingkod sa Dios at ibibigay Niya sa iyo ang sakdal na lalaki o sakdal na babae na karapat-dapat para sa iyo.

***VI. <u>Booz</u>: "10 Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng kaniyang dako: kayo'y mga saksi sa araw na ito." (Ruth 4:10 KJV)*** Si Booz ay ginantimpalaan ng isang asawa nang handa niyang bilhin ang lupain at bayaran ito at kaya't karapat-dapat niyang ariin si Ruth bilang asawa at sa pagbabayad ng halaga ng sukat ng lupain para bilhin ay kina Elimelech, Chillion at Mahlon, **"At sinabi ni Booz sa mga matanda at sa buong bayan, Kayo'y mga saksi sa araw na ito, na aking binili ang lahat ng kay Elimelech, at lahat na kay Chelion, at kay Mahalon, sa kamay ni Noemi." (Ruth 4:9 KJV)**

***VII. <u>David</u>: "22 At iniutos ni Saul sa kaniyang mga lingkod, na sinasabi, Makipagusap kayo kay David ng lihim, at inyong sabihin, Narito, kinatutuwaan ka ng hari at minamahal ka ng lahat ng kaniyang mga lingkod: ngayon nga ay maging manugang ka ng hari. 23 At sinalita ng mga lingkod ni Saul ang mga salitang yaon sa pakinig ni David. At sinabi ni David, Inaakala ba ninyo na magaang bagay ang maging manugang ng hari, dangang ako'y isang dukhang tao at niwawalang kabuluhan ? 24 At isinaysay ng mga lingkod ni Saul sa kaniya, na sinabi, Ganitong paraan nagsalita si David. 25 At sinabi ni Saul, Ganito ang inyong sasabihin kay David: Hindi nagnanasa ang hari ng anomang bigaykaya, kundi isang daang balat ng masama ng mga Filisteo, upang mapanghigantihan ang mga kaaway ng hari. Ang balak nga ni Saul ay maibuwal si David sa pamamagitan ng kamay ng mga Filisteo. 26 At nang saysayin ng kaniyang mga lingkod kay David ang mga salitang ito, ay ikinalugod na mabuti ni David na maging manugang siya ng hari. At ang mga araw ay hindi pa nagaganap ; 27 At tumindig si***

***David at yumaon, siya at ang kaniyang mga lalake, at pumatay sa mga Filisteo ng dalawang daang lalake; at dinala ni David ang kanilang mga balat ng masama, at kaniyang ibinigay ng buong bilang sa hari, upang siya'y maging manugang ng hari. At ibinigay na asawa sa kaniya ni Saul si Michal na kaniyang anak na babae." (1 Samuel 18:22-27 KJV)*** Si David ay isang dukhang lalaki na walang maraming salapi, ngunit ginantimpalaan ng isang asawa pagkatapos niyang patayin ang dalawang daan Filisteong lalaki.

Ibibigay ng Dios ang isang asawa at ipagkakaloob ang Kanyang lingap sa isang masunuring lalaki na handang makinig sa Kanyang salita, na tatalima sa Kanyang tagubilin, at magtiis sa paggawa ng Kanyang kalooban. Pati na rin hahayaan ng Dios kang bumili ng isang asawa sa paraang makakaya mo.

Sa ***Mga Gawa 20:28*** sinabi ni Pablo, na binili ni JesuCristo ang simbahan ng Dios ng Kanyang sariling dugo, ***"Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na sa kanila'y ginawa kayo ng Espiritu Santo na mga obispo, upang pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon na binili niya ng kaniyang sariling dugo." (Mga Gawa 20:28 KJV)*** Binayaran ni Jesus ng halaga ang Kanyang asawa, na Kanyang asawa, ang Kanyang simbahan, na tayo, noong binili Niya tayo noong ibinuhos Niya ang Kanyang dugo sa krus para sa atin. Binili tayo ni Jesus ng Kanyang sariling dugo, samakatuwid, bilang simbahan at manggagawa sa Kanyang ubasan kailangan nating maging tapat sa Kanya.

Ang asawang babae ay mahalagang bagay na nabibilang sa Panginoon, at ibibigay Niya siya bilang kaloob sa kanyang asawang lalaki na inihanda ang kanyang sarili sa maka-Dios na paraan para sa pag-aasawa.

***"11 At ang buong bayan na nasa pintuang-bayan, at ang mga matanda ay nagsabi, Kami ay mga saksi. Gawin ng Panginoon ang babae na pumapasok sa iyong bahay, na gaya ni Rachel at gaya ni Lea, na silang dalawa ang nagtatag ng sangbahayan ni Israel, at maging makapangyarihan ka sa Ephrata, at maging bantog sa Bethlehem:" (Ruth 4:11 KJV)*** Dito ang bayan ng Dios sila'y sumaksi sa ganoong maka-Dios na pag-aasawa. Sa Bagong Tipan, ang maka-Dios na mga tao sa simbahan ng Dios ay mga saksi sa maka-Dios na pag-aasawa na itinalaga ng Dios sa Kanyang simbahan. Oo, tayo'y mga saksi ng biyaya ng Dios sa pagsisimula at pagbubuo ng bagong maka-Dios na pamilya para palakihin ang maka-Dios na mga anak. Sa pagbuo ng maka-Dios na pamilya sa pamamagitan ng maka-Dios na pag-aasawa ay himala ng Dios na ginagawa Niya sa buhay ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan. At tayo'y nagpapasalamat sa Panginoon para sa ganoong kagila-gilalas na gawa Niya sa ating buhay at sa buhay ng Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan. Ating ipagdiwang ang gayong mga kaloob ng Dios at ang gawa ng Banal na Espiritu sa ating kalagitnaan.

Tayo bilang Simbahan ng Dios hindi natin ipinahintulot, ipagdiwang o saksihan ang pag-aasawa na hindi itinalaga ng Dios. Hindi nating kinikilala sila dahil sila'y laban sa kalooban ng Dios. Dito si Booz ay nagawang pakasalan si Ruth at nakuha ang pahintulot ng matatanda at ng bayan ng Dios dahil sinunod Niya at ginawa ang kalooban ng Dios, at ipinahayag ang malinaw na mga patunay na pinasimulan ng Dios ang gayong pag-aasawa upang maganap. * Tayo sa parehong paraan bilang Simbahan ng Dios, kailangan natin ang malinaw na patunay na isinaayos ng Dios ang pag-aasawa. Hindi tayo maaring sumama, sa ganoong mga salaysay, 'Mahabang panahon na inibig namin ang isa't isa', 'Mahabang panahon na kami'y naghintay sa isa't isa', o 'nakita ko siya at ako'y napaibig sa kanya'; ang lahat ng mga bagay na ito at mga salaysay ay hindi mga senario ng Dios upang dalhin ang isang lalaki o ang isang babae sa isang pag-aasawa, at hindi makakapanawagan sa atin bilang simbahan ng Dios. * Hindi nating maaring pahintulutan at isama ang mga salaysay katulad ng kung paanong itinulak nang husto ni Jacob at walang pag-iisip at pagpapakumbaba na pakasalan si Rachel. Hindi tayo katulad ni Laban na sinang-ayunan ang ganoon at naging dahilan upang mangalunya si Jcaob sa kanyang ikalawang pag-aasawa para mapanatili lamang siya at makakuha ng kita at benepisyo mula sa kanya.

Sinabi nila kay Booz ang sumusunod : ***"Gawin ng Panginoon ang babae na pumapasok sa iyong bahay, na gaya ni Rachel at gaya ni Lea, na silang dalawa ang nagtatag ng sangbahayan ni Israel:"*** Narito ang mga kahilingan ng bayan ng Dios, na si Ruth ay magiging katulad nina Rachel at Lea, hindi ibig sabihin na pinahintulutan ng Salita ng Dios ang pangalawang pag-aasawa ni Jacob mula kay Rachel. Hindi sasalungatin ng Dios kung anong Kanyang sinabi sa Kanyang Salita. Ngunit ibig nilang sabihin na si Ruth ay magtatrabaho sa pagtatayo ng bahay ni Booz gaya ng pagtatayo nina Lea at Rachel ng bahay ni Jacob. Alam natin kung paano pinatay ng Dios si Rachel sa panganganak sa kanyang pangalawang anak upang palayain si Jacob mula sa gayong pangangalunya ng pangalawang pag-aasawa, at dahil batid natin na inilibing si Rachel sa Ephrata, ***"16 At sila'y naglakbay mula sa Bethel; at may kalayuan pa upang dumating sa Ephrata: at nagdamdam si Raquel, at siya'y naghihirap sa panganganak. 17 At nangyari, nang siya'y naghihirap sa panganganak, na sinabi sa kaniya ng hilot, Huwag kang matakot, sapagka't magkakaroon ka ng isa pang anak na lalake. 18 At nangyari, nang nalalagot ang kaniyang hininga (sapagka't namatay siya), ay kaniyang pinanganlang Benoni: datapuwa't pinanganlan ng kaniyang ama na Benjamin. 19 At namatay si Raquel at inilibing sa daang patungo sa Ephrata (na siyang Bethlehem). 20 At nagtayo si Jacob ng isang batong pinakaalaala sa***

***ibabaw ng kaniyang libingan: na siyang batong pinakaalaala ng libingan ni Raquel hanggang ngayon." (Genesis 35:16-20 KJV)***

Sinabi rin nila sa kanya: ***"at maging makapangyarihan ka sa Ephrata, at maging bantog sa Bethlehem:"*** Hiniling nila kay Booz na ang pagdating ni Ruth sa Kanyang buhay bilang isang mabuting asawa mula sa Panginoon ay makakagawa kay Booz na maging makapangyarihang tao sa Ephrata na katulad sa Bethlehem; sapagkat ang dalawang pangalang ito ng isa ay parehong lugar gaya ng mababasa natin dito, ***"At namatay si Raquel at inilibing sa daang patungo sa Ephrata (na siyang Bethlehem)." (Genesis 35:19 KJV) "Nguni't ikaw, Beth-lehem Ephrata, na maliit upang lumagay sa libolibo ng Juda, mula sa iyo ay lalabas sa akin ang isa na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan niya ay mula nang una, mula nang walang hanggan." (Mikas 5:2 KJV)*** Ang salitang ito ay tila nakatuwid kay Booz, lalo na sa mga taong nakasaksi sa kanyang pag-aasawa, idinadalangin na siya ay magpatuloy na gumawa ng karapat-dapt at banal na mga paggawa, pati na rin ang paglaki ng kayamanan at kasaganaan, kapangyarihan at kapamahalaan, at mapanatili ang kanyang pangalan at kabantogan, at lumago sa kapurihan at karangalan kabilang sa kanyang kapwa mamamayan. Tiyak na pagpapalain ng Dios ang taong may takot sa Panginoon.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Kung nais nating sumaatin ang Dios upang maging ating kanlungan, ating tagapaglaan, ating tulong sa panahon ng pangangailangan, sa gayon kailangan nating sumunod sa Dios at sa Kanyang Salita, at sa tagubilin na ipinapadala Niya sa atin, upang tayo'y mapasailalim ng Kanyang buong pagpapala. Kaya't ating isagawa ang ating natutunan mula sa mensahe, at maingat na isagawa sa ating buhay. Tayo ay manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa lahat ng aking natutunan sa mensaheng ito.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan, Hinggin din sa Dios ang kapatawaran para sa hindi pagsunod na sundin ang Salita ng Dios patungkol sa paghahanda para sa maka-Dios na pag-aasawa, pagkuha sa ganoong mahalagang bagay nang magaan at paggawa ng iyong pansarili at hindi ang kalooban ng Dios.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mga layunin ng mensahe. Panginoon gabayan sula at pangunahan sila sa mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon ako'y nanalangin na ang layunin na ipinadala sa mensaheng ito ay matupad sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong bayan, at iyon ay magpasimula ng bagong makaDios na pag-aasawa at maka-Dios na pamilya na sisimulan.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming ipatupad ang iyong Salita at ang katuruan na aming tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon pangunahan kaming magturo, magpayo, at ihanda ang maka-Dios na lalaki at babae para sa maka-Dios na pag-aasawa; na sila'y maghihintay sa iyo upang ibigay ang maka-Dios na kabiyak na iyong inihanda para sa kanila. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at pangunahan kaming magevangelio at gumawa ng bagong mga alagad at magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagninilay mula sa aklat ni Ruth Part 14. Ruth 4:10. Kawikaan 18:22. Mga Kawikaan 19:14. 1 Corinto 7:7. Genesis 2:19-20. Genesis 29:15-21. Genesis 41:45. Exodo 2:16-21. Mga Hukom 1:12-13. Ruth 4:9.1 Samuel 18:22-27. Mga Gawa 20:28. Ruth 4:11. Genesis 35:16-20. Genesis 35:19. Mikas 5:2.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.